Pamamaraan ng Pagtatanim

1. Tuwirang pagtatanim

   Ang tuwirang pagtatanim ay isang paraan ng pagtatanim na ang ginagawa ay ihulog kaagad ang buto o binhi kung saang bahagi ng kama ibig itong patubuin. Ito ang pinakapayak na paraan ng pagtatanim.

2. Paglilipat o di-tuwirang pagtatanim

   ito ay mabuting gawin kung nais makatipid sa panahon at maging tuloy –tuloy ang paghahalaman.

   Ang paglilipat ng mga punla ay ginagawa sa hapon upang di-gaanong maluoy ang mga bagong tanim. Ilipat lamang ang mga tanim kung mahusay ang panahon.

Pag-aalaga ng Pananim

Bakit kailangang alagaan ang pananim?

Kailangang alagaan ang mga pananim upang manatiling malusog at mataba ang mga halaman. Ang malusog at matatabang halaman ay nagbibigay ng marami at magandang uri ng ani.

Paano dapat alagaan ang pananim?

1. Diligin ang pananim araw-araw. Gawin ito sa umaga at sa hapon kapag hindi nasisikatan ng araw.
2. Bungkalin ang lupa sa paligid ng mga pananim. Ito ay ginagawa upang ang ilang tumigas at namuong lupa ay mabuhaghag.
3. Bunutin kaagad ang ligaw na damo sapagkat inaagaw nito sa mga pananim ang sustansiyang galing sa lupa na kailangan ng mga tanim upang magbunga nang marami.
4. Pangalagaan ang iyong pananim sa mga kulisap at nakapipinsalang hayop na kumakain ng mga halaman. Alisin ang mga napinsalang bahagi ng halaman at ang mga naninilaw na dahon. Lagyan ng bakod ang paligid ng halaman kung may mga alagang hayop sa bakuran.